# Gabay sa Pag-uulat ng mga Peke at Dinayang Resulta ng COVID-19 Test

**Nakatanggap ang Kagawaran ng Kalusugan (DOH) ng mga ulat tungkol sa peke at dinayang COVID-19 test results sa gamit ang mga sumusunod na paraan:**

| Pekeng COVID-19 Test Results | Dinayang COVID-19 test results |
|---|---|
| • Paggamit ng pangalan ng laboratory staff sa mga pekeng COVID-19 test results<br>• Mga resulta mula sa mga pasyente na hindi talaga na-test<br>• Hindi awtorisadong paggamit ng headers o templates ng COVID-19 laboratories<br>• Pagpapadala sa laboratoryo ng specimen na hindi galing sa taong humingi ng COVID-19 test | • Pagpapalit ng positibong resulta ng COVID-19 test patungong negatibo, at vice versa<br>• Pagpapalit ng diagnostic test na ginamit (mula antigen test patungong RT-PCR)<br>• Pagpapalit ng petsa ng pagsasagawa ng swab<br>• Pagpalit ng pangalan ng pasyente |

# Paano ko malalaman kung tunay ang isang COVID-19 test result?

Dahil ang bawat DOH-licensed COVID-19 testing laboratories ay may iba-ibang template ng sertipiko, sundin ang mga sumusunod na hakbang upang masuri kung tunay ang isang COVID-19 test result:

1. **I-scan ang QR code** na makikita sa mga opisyal na sertipiko.

2. Kung walang QR code, direktang makipag-ugnayan sa COVID-19 testing laboratory na nakapangalan sa sertipiko.

   Ang listahan ng mga DOH-Licensed COVID-19 Testing Laboratories ay makikita sa HFSRB website (https://doh.gov.ph/licensed-covid-19-testing-laboratories) o sa aming arawang buletin na nakapost sa aming social media accounts.

## Nalaman kong peke ang COVID-19 test result, ano ang dapat kong gawin?

Kung napatunayang peke ang isang COVID-19 test result, agad na makipag-ugnayan sa sa pinakamalapit na police station o inyong regional PNP-CIDG at ibahagi ang mga sumusunod na dokumento at/o detalye:

1. Kopya ng peke o dinayang COVID-19 test result.
2. Pangalan at contact details ng tao na nagbigay ng peke o dinayang COVID-19 test result.
3. Ibang detalye na maaaring makatulong sa pagharap sa bagay na ito.

Maaari po kayong makipag-ugnayan sa CIDG Headquarters gamit ang mga sumusunod na hotline:

**Globe: 0977-347-5267**

**Smart: 0951-059-3843**

# Ano ang dapat kong gawin kung may nag-aalok sa akin ng peke o kahina-hinalang COVID-19 test service?

Kung may nag-aalok ng peke o kahina-hinalang COVID-19 test service, maaari din kayong makipag-ugnayan sa CIDG regional field unit ng inyong rehiyon at ibigay ang sumusunod na impormasyon:

1. Kung mayroon, screenshot ng pag-uusap na naglalaman ng impormasyon sa mga inaalok na serbisyo
2. Pangalan at contact details ng táong nagbibigay ng sinasabing serbisyo

# Mga Implikasyon ng Pagkalat ng Peke at Dinayang COVID-19 Test Results

Ang pagkalat ng peke at dinayang COVID-19 test results ay maaaring magresulta sa pagkalat ng COVID-19 sa mga tahanan, opisina, at ibang probinsiya/munisipyo. Bukod dito, maaari nitong makompromiso ang integridad ng mga laboratoryo at ng buong laboratory network.

Lumalabag sa RA 11332, na kilala bílang "Law on Reporting of Communicable Diseases" at Article 172 ng Revised Penal Code ang pamemeke at pandaraya ng test results.